Larger Place For A Larger Vision

Noong ika – 1 ng Disyembre 2010 pormal na natungtungan ng aming Church (NCF Banaba) ang aming bagong bahay sambahan. Napakasarap sariwain ang kabutihan ng Panginoon sa amin dahil kung iyong matatandaan nagsimula ang gawain sa isang napakaliit na lugar. Nagiging opisina ang C.R. at minsan pa nga ay nagiging Counseling Room. 24 sq. meters lang ang laki at ang akala namin ay malaki na iyon. Pero may mas maganda pang plano ang Diyos. Sa aming ikalawang taon, inilipat Niya kami sa mas malaking lugar (Dalawang palapag na gusali na ang sukat ay humigit kumulang 50 sq. meters).

Dito may opisina na at may isang kwarto pa para sa mga bata. Patuloy na naging mabuti ang Diyos dahil sa pangangailangan ng mas malaking lugar para sa mas maraming dumadalo nagbukas Siya ng dagdag na lugar para maging main worship center namin. Ito'y matatagpuan lang sa tabi ng aming naupahan na. Ito' y sinadyang gawin para maging worship center namin at ito naman ay may sukat na humigit kumulang 70 sq. meters.

Ang akala namin ay malaki na ito pero sabi ng Diyos "hindi pa ito ang gusto ko para sa inyo!" Dahil sa patuloy ng pagdami ng dumadalo at sa napipintong pagdami pa nito sa mga susunod na buwan, inilipat kami muli ng Diyos. Dalawang palapag na gusali na may sukat na 220 sq. Meters at ito ay matatagpuan sa Chico St., Greenfields I Nova. Q. C. Subalit maliwanag ang ipinapakita ng Panginoon na hindi pa Siya tapos sa amin kaya naniniwala kami na mas malaki pa ang ibibigay ng Diyos sa amin. Bagama't ito ay inuupahan pa lang, nagpapasalamat na kami sa Kanya sa patuloy na katapatan Niya sa amin. Nagpapasalamat din kami sa NCF Main na patuloy na nakikibalikat sa amin upang maiusad ang gawain. Sa Diyos ang papuri!